# *Mapayapang Oras Pakikinig sa Tinig ng Dios*

Sino ang maaring asahan na marinig ang tinig ng Dios? Upang marinig ang tinig ng Dios kailangan mapabilang tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagtanggap kay JesuCristo bilang ating Tagapagligtas at Panginoon. Sinabi sa ***Juan 8:47***, ***"Ang sa Dios ay nakikinig ng mga salita ng Dios: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig, sapagka't kayo'y hindi sa Dios."*** Kaya't mula rito napagtanto natin na ang mga di nabibilang sa Dios hindi nila naririnig ang Kanyang tinig. sinasabi sa ***Hebreo 11:6***, ***"At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap."*** Gagantimpalaan ng Dios ang mga nanampalataya sa Kanyang pag-iral at masigasig na hinanap Siya at sumusunod Kanyang mga daan. Napakahalaga na mabatid natin na ang Dios ay mabuting Dios at ang mga bagay na sasabihin Niya sa atin ay mabuti rin. Sinabi sa ***Juan 10:10***, ***"Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."*** Ang Diablo ay paparito upang pumatay, magnakaw at pumuksa, kaya kailangan mong maging lumayo sa Diablo at lumayo sa kanyang mga daan. At kailangan mong sumunod kay Cristo upang gaya ng ipinangako Niya na magkakaron ka ng buhay at ito ay maging masagana. Sa ***Awit 23:1*** ang Dios ay pastol tulad ng ipinahayag iyon ni David na ang Dios ang kanyang pastol nang sinabi niya, ***"1 Ang PANGINOON ay aking pastor; hindi ako mangangailangan."*** Bilang ang Dios sa pagiging pastol, kung gayon kung ikaw ay kabilang sa Dios sa pamamagitan ni Jesus, kung gayon kailangan mong sundin Siya. sinasabi sa ***Isaias 48:17-18*** na itinituro Niya sa iyo kung ano ang mabuti para sa iyo at papatnubayan ka sa daan na dapat mong lakaran, ***"17 Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng inyong Manunubos, ng Banal ng Israel, Ako ang PANGINOON mong Dios, na nagtuturo sa iyo ng mapapakinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa daan na iyong marapat na lakaran. 18 Oh kung dininig mo ang aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong katuwiran ay parang mga alon sa dagat:"*** Kaya't dapat kang maging katulad ng isang tupa na handang sundin ang pastol upang magkaroon ka ng kapayapaan at mabuhay ka sa kapayapaan.

Upang para sa iyo'y marinig ang Dios dapat kang maging masunurin sa Kanya. Sinasabi sa ***Juan 8:47*** ang sinuman ang nabibilang sa Dios ay naririnig ang Kanyang sinasabi at ang mga hindi nabibilang sa Dios ay hindi naririnig ang Salita ng Dios. ***"47 Ang sa Dios ay nakikinig ng mga salita ng Dios: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig, sapagka't kayo'y hindi sa Dios."***

Paano mo malalaman ang tinig ng Dios? May tatlong posibleng tinig na maari mong marinig at tulad ng sumusunod:

***1. Ang tinig ng iyong kaluluwa o ng iyong ego:*** Ito'y naglalaman ng mga bagay na gusto mo, ang iniisip mo, ang iyong pagnanasa bilang tao, ang iyong damdamin, at ang pangangatwirang pantao.

***2. Ang tinig ng kaaway:*** Nais ng diablo na dayain ka at gawin ang mga bagay na di kalugod-lugod sa Dios. Paparito siya upang magnakaw, pumatay at pumuksa. Alalahanin na nakipag-usap siya kay Jesus nang tinukso siya sa ilang. Maaring gawin Niya ang kapareho upang tuksuhin ka na gumawa ng mali.

***3. Ang tinig ng Dios:***

Paano natin makikilala ang kaibahan sa kanila? Ipinapakita sa ating ng ***Santiago 4:7*** ang halimbawa. ***"7 Pasakop nga kayo sa Dios; datapuwa't magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo." (Santiago 4:7 KJV)***

***1. Kailangan mong ipasakop ang iyong sarili sa Dios:*** Una, kailangan mong patahimikin ang iyong sariling kalooban at damdamin. Kailangan mong patayin ang iyong sariling damdamin at pangangatwiran. Maari mong sabihin sa Dios na ayaw mong pamunuan ka ng iyong damdamin, ayaw mong pamunuan ka ng iyong sariling pang-unawa, ngunit nais mong pamunuan sa pamamagitan Niya. Sa ganitong paraan inilalagay mo ang iyong sarili sa panig ng kalooban ng Dios.

***2. Labanan ang diablo at lalayo siya mula sa iyo:*** Maari mong gamitin ang pangalan ni Jesus upang labanan ang mga kaisipan at ideya na mula kay Satanas. Maaari mo siyang sabihan na pinagbabawalan mo siya na manghimasok sa patnubay ng Dios sa iyo.

***3. Matutong makilala ang tinig ng Dios:*** Ang kanyang tinig ay hindi malupit. Hindi ka Niya pinipilit na mapilitan ka. Sinabi sa ***Santiago 3:17***, ***"Nguni't ang karunungang buhat sa itaas, ay una-una'y malinis saka mapayapa, banayad, madaling panaingan, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw."***

Kailangan mong hanapin siya upang makipag-usap sa iyo. Kaya kailangan mong maghintay at bigyan Siya ng panahon, at matutong maghintay ng may pananampalataya, inaasahan at pasasalamat. Naghintay si Jeremias ng 10 araw para sa Salita mula sa Panginoon. Nahintay si Daniel ng 21 araw, ngunit naalala mo na sinabi na ibinigay ang sagot sa unang araw, ngunit nahuli ang sugo sa pamamagitan ng prisepe ng Persia. Minsan ayaw ng kaaway na makuha mo ang Salita ng Panginoon.

***4. Dapat handang kang sumunod:*** Sinabi ni Jesus sa ***Juan 7:17***, ***"Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili."*** Kaya't nilinaw ni Jesus na tanging ang mga handang sumunod lamang ang makakarinig ng Salita ng Dios para sa kanila.

Ang ilang mga kalagayan ay kailangan para marinig ang Salita ng Dios:

***1. Pananampalataya:*** Dapat kang manampalataya na ang Dios ay umiiral at makikipag-usap sa iyo.

***2. Kababaang-loob:*** Ang kayabangan ay hindi humihingi ng gabay sa Dios. Kailangan mong magpakumbaba at humingi ng gabay sa Dios.

***3. Isang malinis na puso:*** Kailangan mong magkaroon ng isang malinis na motibo.

***4. Isang naghahanap at nagpapasalamat na puso:*** Minsan wala ka dahil hindi mo hiningi, ***"2 Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala: kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka; kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi." (Santiago 4:2 KJV)***

***5. Isang naghihintay na puso.*** Kailangan mong maghintay at bigyang panahon ang Dios. Kailangan mong matutong makinig pati na makipag-usap.

***6. "16 Manahanan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Panginoon." (Colosas 3:16 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay magpapabago sa iyong isipan upang maunawaan mo ang kalooban ng Dios para sa iyo. ***"19 At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng hula; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso: 20 Na maalaman muna ito, na alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. 21 Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo." (2 Pedro 1:19-21 KJV) "2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:2 KJV)***

***7. Lumakad sa katapatan.*** Sa ***Santiago 1:21-22*** sinasabi sa iyo na kailangan mong alisin ang lahat ng karumihan at kasamaan at magpakumbabang tanggapin ang Salita ng Dios na itinanim sa iyo na makapagliligtas sa iyo. ***"21 Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagpapaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. 22 Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili." (Santiago 1:21-22 KJV)*** Kailangan mong maging tgapagpatupad ng Salita at hindi lamang tagapakinig. Sinasabi sa ***Kawikaan 11:3***, ***"Ang pagtatapat ng mga matuwid ay papatnubay sa kanila: nguni't ang mga kasuwailan ng mga taksil ay papatay sa kanila."*** Kaya't kailangan mong maging tapat sa Dios kung hindi wawasakin ka ng iyong panlilinlang.

***8. Upang mapuspos ng Banal na Espiritu. "17 Kaya huwag kayong maging mga mangmang, kundi unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon. 18 At huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu; 19 Na kayo'y mangagusapan ng mga salmo at mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na nangagaawitan at nangagpupuri sa inyong mga puso sa Panginoon; 21 Na kayo'y laging magpasalamat sa lahat ng mga bagay sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo sa Dios na ating Ama;" (Epeso 5:17-20 KJV)*** Sa talata 17 ay inuutusan ka na maunawaan ang Salita ng Dios at sa talata 18 ay inuutusan ka na mapuspos ng Banal na Espiritu.

Ngayon pag-uusapan natin ang tungkol sa ilang mga patnubay upang marinig ang tinig ng Dios:

***A. Ang panloob na saksi.*** Ito ay nasa loob mo; ang kaalaman na ikaw ay anak ng Dios. Ang saksing ito na nasa loob mo ay ang Banal na Espiritu, at ipapahayag nito sa iyo ng katotohanan. ***"20 At kayo'y may pahid ng***

***Banal, at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay. 27 At tungkol sa inyo, ang pagkapahid na sa kaniya'y inyong tinanggap ay nananahan sa inyo, at hindi ninyo kailangang kayo'y turuan ng sinoman; nguni't kung paanong kayo'y tinuturuan ng kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga bagay, at siyang totoo, at hindi kasinungalingan, at kung paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayong nananahan sa kaniya." (1 Juan 2:20, 27 KJV)*** Ipapahayag din sa iyo ng panloob na saksi na ang isang bagay ay hindi totoo at sa diablo, at kung minsan mararamdaman mo ang pag-iingat, na ang isang bagay ay hindi nagmula sa Dios o sa kaaway kundi ito ay mula sa laman.

***B. Ang kapayapaan ng Dios.*** Ang tinig ng Dios ay hindi dapat makagambala sa Kanyang kapayapaan sa loob mo. Kahit na kapag dinidisplina ka ng Dios nanatili ang kapayapaang iyon. Ang kapayapaang ito ay isang higit sa karaniwan na pahinga sa gitna ng kaguluhan. Sinabi sa ***Colosas 3:15***, ***"At maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo, na diya'y tinawag din naman kayo sa isang katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat."***

***C. Ang Salita ng Dios.*** Ang Salita ng Dios ay puno ng mga tuntunin na gagabay sa iyong buhay. Madalas na nagsasalita ang Panginoon nang direkta mula sa Bibliya kaya't kailangan mong ipagpatuloy pagbabasa araw-araw ng iyong Bibliya. Ang pakikinig sa pamamagitan ng Salita ng Dios ay maaaring gawin sa isa o higit pang mga paraan sa mga sumusunod:

***1) Madalas na gagawing buhay ng Banal na Espiritu ang isang talata sa iyong araw-araw na pagbabasa.*** Mahalaga na magkaroon ka ng regular na plano sa pagbabasa ng Banal na Kasulatan. Kayang magsalita ng Dios sa iyo sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan sa iyong normal na tahimik na oras.

***2) Ilalagay ng Banal na Espiritu sa iyong isip ang talatang iyong naaalala.*** Mahalaga na itago mo ang Kanyang mga Salita sa iyong puso, upang ipaalaala Niya ito sa iyo.

***3) Maaaring ipaalala Niya sa iyo ang isang tao o pangyayari sa Bibliya.*** Kapag bumaling ka sa bahagi ng banal na kasulatan na iyon, iuugnay Niya ito sa iyong kasalukuyang sitwasyon.

***4) Maaaring magsalita ang Banal na Espiritu ng isang Salita sa pamamagitan ng iba pa sa patotoo, pangangaral o kanta.***

***5) Habang pinag-aaralan mo ang partikular na paksa o aklat ng Bibliya, maaaring bigyan ka Niya ng tiyak na gabay.***

***6) Maaaring ilagay ng Banal na Espiritu ang sanggunian ng isang talata sa Bibliya sa iyong isipan.*** Kapag tiningnan mo ito, matutuklasan mo na ang talata ay direktang nagsasalita sa iyong kalagayan.

Ngayon ang tanong ay kung minsan hindi mo naririnig ang tinig ng Dios? Makinig, hindi mo palaging maasahan na mariring ang tinig ng Dios tuwing gusto mo. Bawat Cristiano ay nakakaranas ng mga panahon kung kailan tila tahimik ang Dios. Minsan, maaari mo ring maramdaman na iniwan ka Niya, gaya ng ating mababasa rito, ***"Aking sasabihin sa Dios na aking malaking bato, bakit mo ako kinalimutan? Bakit ako'y yayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?" (Awit 42:9 KJV) "Hanggang kailan, Oh PANGINOON? iyong kalilimutan ako magpakailan man? Hanggang kailan ikukubli mo ang iyong mukha sa akin?" (Awit 13:1 KJV)*** Ang mga panahong ito sa parang ay kinakailangan. Ginagamit ng Dios ang mga panahong ito upang turuan ka at hubugin ka. Kahit na maaaring hindi mo Siya marinig, hindi iyon nangangahulugang wala Siya, sapagkat ipinangako Niya na hinding-hindi Ka iiwan o pababayaan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Dios ay mabuting Dios na nais makipag-usap sa Kanyang mga anak. Hangad Niya na hanapin mo siya, marinig ang Kanyang tinig at sundin Siya. Ngayon sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan upang maunawaan mo kung anong nais ng Dios mula sa iyo:

- Mayroon ka bang pang-araw-araw na gabay para sa pagbabasa ng Kasulatan sa iyong mapayapang oras?
- Kapag nagbabasa ka ng Kasulatan nagbabasa ka ba nang may pananabik, naniniwalang Siya ay magsasalita sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita?
- Kapag nanalangin ka binibigyan mo rin ba ng oras ang Dios na makipag-usap sa iyo habang tahimik kang naghihintay?
- Alam mo ba kung paano kilalanin kung ang naririnig mo ay tinig ng Dios at hindi ang iyong sariling tinig o ang tinig ni Satanas?

Panatilihin ang mensahe sa iyong isipan at pagnilayan ito at bibigyan ka ng Dios ng mas malinaw na pang-unawa at magsasalita sa iyo; pahihintulutan ka Niya na marinig ang Kanyang tinig at ituturo sa iyo na iwasan ang iyong makasariling pagnanasa, laman at ego, at gagabayan ka Niya na lumayo at umiwas sa tinig ni Satanas.

Manalangin tayo….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin tungkol sa pakikinig sa tinig ng Dios at patuloy kang makikipag-usap sa iyong bayan. Panginoon salamat para sa iyong pagtuturo sa akin na kailangan kong lumapit sa iyo, ipakumbaba ang aking buhay sa iyo, hanapin ka, lumakad sa iyong mga daan at sundin ka upang marinig ko ang iyong tinig at lasapin ang iyong presensya sa aking buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng iyong paggabay at para sa lahat ng mga panalanging sinagot at para sa tinig na tinulungan mo akong higit sa aking buhay at ginabayan ako sa katotohanan at sa iyong mga landas. Panginoon salamat para sa lahat ng mga himala at sa kababalaghan na ginawa mo. Panginoon salamat para sa lahat ng mga materyal na pagpapala at mga espirituwal na mga kaloob na ipinagkaloob mo sa buong buhay ko, Panginoon salamat para sa lahat ng katuruan, sa pagtutuwid at mga payong tinanggap namin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa hindi mo pagbibigay ng iyong buhay kay Jesus at sa pamumuhay sa pagsuway sa Dios. Magsisi sa iyong kawalan ng pananampalataya at ng kawalan ng kahandaang hanapin ang Dios. Magsisi sa pagsunod sa iyong sariling kalooban at damdamin. Magsisi sa iyong pagkamakasarili at pagsunod sa iyong sariling kalooban at plano at hindi ng kalooban o ng plano ng Dios sa iyong buhay. Magsisi sa iyong kamunduhan at sa iyong pagibig sa materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong pagsisinungaling, galit, pakikipag-away, pagnanasa, imoralidad, katamaran, at ang lahat ng mga gawa ng laman ng iyong buhay. Magsisi sa iyong kawalan ng paghahanap sa Dios at pananalangin sa Kanya bago gumawa ng tiyak na mga pasya at gumawa ng tiyak na pagpipilian. Magsisi sa iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para kay Cristo. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan ___________________.*

*Panginoon Ipinangko ko ang aking sarili na panatilihin ang aking buhay na pamumuhay sa pagsunod sa iyo. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili at kalooban ng ganap sa iyo. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na palaging basahin ang aking Bibliya at makinig sa iyong Salita. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na huwag sundin ang aking damdamin o ang aking gusto o ang aking kalooban, kundi sundin ang iyong Salita at ang iyong tinig at ang patnubay sa akin kasama ng Kasulatan at ng Banal na Espiritu. Panginoon Inilalagay ko sa iyong kamay ang sumusunod na sitwasyon upang lutasin ito at gabayan ako ng iyong tinig kung ano ang kailangan kong gawin __________________.*

*Panginoon dagdagan mo ang aking pananamapalataya, puspusin mo ako ng Banal na Espiritu at bigyan mo ako ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan ko upang paglingkuran ka. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na sundin ka, ginagawa ang iyong kalooban at handang magdusa para sa iyo. Panginoon bigyan mo ako mabuting kalusugan at kalakasan, gabayan mo ako, protektahan mo ako, at tustusan ang aking pangangailaban upang patuloy na paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain ang aming mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay sa kabanalan at sa pagsunod sa iyo, sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon tulungan mo sila sa kanilang buhay, magsalita ka sa kanila at gabayan sila ng iyong tinig. Panginoon lutasin ang kanilang mag suliranin, sagutin ang kanilang mga panalangin, at tulungan sila sa kanilang buhay at ministerio. Panginoon puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang Espirituwal na mga kaloob na kailangan nilang magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon protektahan mo sila mula sa masama, tustusan ang kanilang pangangailangan at itakda silang bilang mabuting halimbawa sa iba upang sundin ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at tulungan kami na patuloy na manindigan na turuan at ipangaral ang iyong Salita at ipahayag ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon hinihiling namin sa iyo na gabayan kami ng iyong tinig na yumaon sa pamamagitan ng sumusunod na sitwasyon ___________________________________. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mag-evanglio at ipalaganap ang iyong Salita sa pag-abot sa naliligaw. Panginoon paging dapatin kami na yumaon at gumawa ng mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa upang paglingkuran ka para magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan ng tubig at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang abutin ang mga tao na nangangailangan ng iyong Salita. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.'*

*Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com